7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Aralin

4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7**
**Kuwarter 1: Aralin 4 (Linggo 5)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Jingle P. Cuevas

**Tagasuri:** Rowena Hibanada

**Ilustrador:**

**Tagaanyo:**

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre




Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling pananampalataya sa Diyos. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang paglalapat ng sariling pananampalataya sa lahat ng oras upang malinang ang pananalig sa Diyos. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pananalig sa Diyos sa pamamagitan ng pagbabahagi ng positibong pananaw sa pagharap sa mga hamon sa buhay<br>a. Natutukoy ang mahalagang papel ng sariling pananampalataya sa buhay<br>b. Naipaliliwanag na ang sariling pananampalataya sa Diyos ay nakatutulong sa pagkakaroon ng pag-asa, katatagan, at lakas ng loob (courage) sa pagharap sa mga hamon sa buhay<br>c. Nailalapat ang sariling pananampalataya sa Diyos sa lahat ng oras lalo na sa mga mapanghamong situwasyon (hal. positibong pananaw sa kabila ng kahirapan) |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (*Values to be developed*)** | Pananalig sa Diyos *(Faith in God)* |
| **E. Nilalaman** | Sariling Pananampalataya sa Diyos<br>1. Ang Papel na Ginagampanan ng Pananampalataya sa Buhay<br>2. Paglalapat ng Pananampalataya sa Diyos sa mga Mapanghamong Situwasyon |
| **F. Integrasyon** | |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| • *Mga Hebreo 11 (MBBTAG)*. (n.d.). Bible Gateway. https://www.biblegateway.com/passage/?search=Mga%20Hebreo%2011&version=MBBTAG<br>• Christ's Commission Fellowship. (2021, June 8). *Pagasa sa Gitna ng Pagsubok* \| *Sunday Fast Track* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=P-XC9BGC-F4 |

- Fairchild, M. (2019, May 29). *5 Original poems about faith*. Learn Religions. https://www.learnreligions.com/poems-about-faith-700944
- FaithPot. (2022, April 10). Christian Inspirational stories and positive news. *Christian Inspirational Stories and Positive News*. https://www.faithpot.com/survivors-testimonies/
- *How to trust God, even in difficult times | Cru*. (n.d.). Cru.org. https://www.cru.org/us/en/train-and-grow/spiritual-growth/trust-god.html
- Pieroni, A. (2019, September 5). 10 stories from the Philippines' typhoon that will restore your faith in humanity. *YourStory*. https://yourstory.com/2013/11/10-stories-philippines-typhoon-restore-faith-in-humanity
- Van Gemert, L. (2022, March 28). Review Strategies: 6 Tips for Teachers that Work (even with boring stuff). *Gifted Guru*. https://giftedguru.com/review-strategies-for-teachers/
- Tim. (2016, November 23). *C.S. Lewis on Faith - The Library of Historical Apologetics*. The Library of Historical Apologetics. https://historicalapologetics.org/c-s-lewis-on-faith/?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTAAAR1z2PwR9tyh4BRhAjlr8MpP6m8nT60o22kztEKHTGJI9NTj7jRv0Cii97Y_aem_AShKmDgbzK6O52baRqDNyct2irHVsgL-vE3KVfnTSJWIVXcx3J5RWxRVbw8oJgGpzt0MkNepEJKg3_o4E7KbLn3I
- *Typhoon Haiyan in the Philippines - Activations - International Disasters Charter*. (2024, January 9). https://disasterscharter.org/web/guest/activations/-/article/typhoon-haiyan-in-the-philippin-5
- Writer, S. (2021b, January 14). The Importance of Faith in Everyday Life: 4 Ways to Grow. *Deep Spirituality*. https://deepspirituality.com/the-importance-of-faith-in-everyday-life/


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**Twit mo na yan!** | **Balik-aral**<br>Maari itong gawing isahan o dalawahan |

| | | |
|---|---|---|
| | Base sa napag-aralan tungkol sa pagpapahalaga at *virtue,* magpasulat ng twit tungkol sa mga konseptong natutuhan. Tumawag ng ilan na magbabahagi ng kanilang isinulat.<br><br>Ipaunawa na ang pagpapahalaga at *virtue* ay nakakatulong sa pagtugon lalo na sa mga situwasyon na sinusubok ang ating pagkatao. Isa sa mga pagpapahalaga na nagpapatibay sa atin lalo na sa mga mapanghamong situwasyon ay ang pananampalataya (*faith).* | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Gamit ang *speech balloon*, ipasulat ang dalawang hamon na naranasan sa buhay at kung paano ito napagtagumpayan. Ang hamon ay maaaring personal o pampamilya.<br><br> | |

| | | |
|---|---|---|
| | Ipaliwanag na sa araling ito, matututuhan ang kahalagahan ng pananamalataya upang mapagtagumpayan ang mga mapanghamong situwasyon sa buhay bilang isang kabataan at bilang isang pamilya.<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>Tukuyin at isulat ang salita sa bawat bilang base sa bilang ng mga patlang.<br>a. tumutukoy sa isang malalim na pag-iisip tungkol sa isang bagay_ _ _ _ _ _ _ _ _ _<br>b. paniniwala ng may kapanatagan sa mga bagay na hinihintay pagtitiwala sa mga bagay kahit hindi nakikita _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _<br>c. palagiang pakikipag-ugnayan sa Diyos _ _ _ _ _ _ _ _ _ _<br>d. isang bagay na nagpapakita ng hamon, balakid, o kawalan ng katiyakan na kailangang tugunan o malampasan _ _ _ _ _ _ _ _ _ | Pagninilay<br>Pananampalataya<br>Panalangin<br>Suliranin |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1:** Ang Papel na Ginagampanan ng Pananampalataya sa Buhay<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Itanong:**<br>Ano ang personal na pakahulugan mo sa pananampalataya?<br>Sa anong mga situwasyon mo naipapakita ang iyong pananampalataya?<br><br>K**ahulugan ng pananampalataya**<br><br>Anuman ang iyong kahulugan ng pananampalataya, ito ay isang mahalagang bagay na nagpapatibay sa atin sa pagharap ng iba't ibang situwasyon sa buhay. Ang pananampalataya ay parang pagtalon mula sa mataas na bangin. Hindi mo nakikita kung saan ka babagsak, pero alam mong may lupa na nag-aantay sa'yo.<br><br>1. **Paniniwala sa isang mas mataas na kapangyarihan o isang partikular na relihiyon.**<br>Ito ay ang pagkakaroon ng ispiritwal na ugnayan sa makapangyarihang Diyos. Sa pamamagitan ng pananampalataya, maaari nating mapagtanto na hindi tayo nag-iisa sa ating mga paglalakbay. Mayroong mas mataas na kapangyarihan na nagmamasid sa atin at nagbibigay-gabay. Ito ay isang paraan upang magkaroon tayo ng positibong pananaw sa buhay, kahit pa ang lahat ay hindi umaayon sa ating mga plano. | **Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Mga posibleng halimbawa:<br>-paniniwala na makakarating ng maayos sa pupuntahan at walang aksidente sa daan<br>- paniniwala na magigising kinabukasan<br>-makakasagot ng maayos sa pagsusulit sa tulong ng Diyos<br><br>Maaring ipabasa ang buong talata ng Hebrews 11 sa mga mag-aaral. Kung may mga ibang relihiyon sa klase, |

| | | |
|---|---|---|
| | Ayon sa Hebrews 11:1-3:<br>1 Ang pananampalataya ay katiyakan na mangyayari ang ating mga inaasahan, at paninindigan tungkol sa mga bagay na hindi nakikita. 2 Kinalugdan ng Diyos ang mga tao noong unang panahon dahil sa kanilang pananampalataya. 3 Dahil sa pananampalataya, nauunawaan natin na ang sanlibutan ay nilalang sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, at ang mga bagay na nakikita ay ginawa mula sa mga hindi nakikita.<br><br>Ayon naman kay C. S. Lewis, ang pananampalataya ay makatuwirang debosyon, hindi ito pagsunod ng walang pag-iisip. Ito ay ang sining ng paghawak sa mga bagay na minsang tinanggap ng iyong isipan, sa kabila ng pagbabago ng iyong kalooban at kalagayan. Dahil magbabago ang kalooban, anuman ang pananaw ng iyong dahilan o isipan.<br><br>**2. Paniniwala sa sarili o sa sariling kakayahan at sa kapwa**<br>Ang pananampalataya ay hindi lamang tungkol sa relihiyon, kundi pati na rin sa pagtitiwala sa sarili at sa mga kapwa natin. Kapag mayroon tayong pananampalataya sa sarili, mas nagiging determinado tayo na harapin ang mga hamon at magtagumpay.<br>Sa pamamagitan ng pagtitiwala sa kapwa, nagkakaroon tayo ng mas magandang ugnayan at samahan. Ang pagtulong, pagmamahalan, at pag-unawa sa isa't isa ay bahagi ng pananampalatayang ito.<br><br><br>**Ang Kahalagahan ng Pananampalataya**<br><br>Ang pananampalataya ay isang mahalagang aspeto ng ating buhay na nagbibigay-kahulugan at nagbibigay-lakas sa atin. Sa mga pagkakataon na tayo ay nahaharap sa mga pagsubok at mahihirap na oras, ang pananampalataya ay nagbibigay sa atin ng pag-asa at inspirasyon. Minsan, ito na lang ang kailangan nating panghawakan. Ito ay isang lihim na sandata na maaari nating gamitin upang harapin ang mga pagsubok na dumarating sa ating buhay. Narito ang ilan pa sa mga kahalagahan ng pananampalataya:<br><br>**1. Pinapalakas nito ang ating pag-iisip** | maaring ipabasa mula sa kanilang banal na kasulatan ang kahulugan ng pananampalataya |

Ang pananampalataya ay nagbibigay ng isang malakas na paniniwala na tayo ay mananalo sa huli. Inaaalis nito ang mga iniisip na nakakatakot tulad ng pag-iisip tungkol sa mga pinakamasamang situwasyon o sakuna. Bilang resulta, ang mga taong may pananampalataya ay nagkakaroon ng mas positibo ang pananaw sa buhay.

**2. Ito ay gumising ng ating espirituwalidad**

Ang pananampalataya ay gumising sa espirituwalidad sa loob mo, na ikaw ay may espiritu at kaluluwa, at may iba pang mas mahahalagang bagay kaysa sa materyal na mga pangangailangan at ari-arian.

**3. Ang pananampalataya ay nagbibigay ng layunin at direksyon sa buhay**

Ang pananampalataya ang nag-uudyok sa atin na subukang abutin ang ating mga layunin sa buhay at makamit ang ating mga pangarap. Napakaraming kawalan ng katiyakan tungkol sa hinaharap, at gaano man kaganda ang ating mga plano, maraming bagay ang maaaring magbago, o makasira dito. Inaalis ng pananampalataya ang pagdududa at ang paniwala na ang mga plano ay mabibigo. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malaking pananampalataya, higit tayong nahihikayat na sumubok ng mga bagong bagay at kahit na may mga hadlang, alam nating malalampasan natin ang mga ito at magiging maayos ang lahat.

**4. Ang pananampalataya ay nagpapababa ng pagiging negatibo**

Ang pananampalataya ay tumutulong sa isang tao na tumayo nang matatag sa panahon ng problema dahil naniniwala siya na anuman ang kinakaharap ngayon ay isang unos lamang na lilipas din, at magkakaroon ng liwanag pagkatapos. Ang isang taong may maliit na pananampalataya ay maaaring sumuko kapag nahaharap sa mapanghamong panahon, na humahantong sa stress at pagkabalisa. Maaari itong humantong sa pagkakaroon ng negatibong pananaw (*pessimistic)* dahil pakiramdam nila ay wala silang kontrol sa kanilang buhay at maaaring mahirapan silang ipagkatiwala ang kanilang buhay sa isang bagay na hindi nila nakikita. Sa pamamagitan ng pananampalataya mapapawi ang mga alalahanin sa ating isipan at makatutulong sa atin na tingnan ng mas positibong ang buhay. Dahil kahit gaano tayo kahusay at kagaling, hindi natin kontrol ang maraming bagay sa ating paligid.

Ang pananampalataya ay ang paniniwala na magiging maayos ang mga bagay sa kabila ng kawalan ng katiyakan sa hinaharap. Kapag nagawa mo na ang lahat ng iyong makakaya para malampasan ang isang problema gamit ang lahat ng iyong kakayahan, kaalaman, at mapagkukunan, at nakahingi na ng tulong mula sa lahat ng iyong kakilala subalit bigo pa rin, ang pananampalataya ang natitirang bagay na makapagbibigay sa iyo ng pag-asa na magiging maayos pa rin ang lahat. Nangangailangan ito ng paniniwala sa isang makapangyarihang Diyos na tutulong sa iyo na malutas ang iyong mga problema.

**Pamprosesong Katanungan:**

1. Paano nakakaapekto ang pananampalataya sa iyong pang-araw-araw na buhay?
2. Sa dalawang uri ng pananampalataya na binanggit, paano makakatulong ang mga ito sa oras ng pagsubok?
3. Isipin kung paano naiimpluwensyahan ng iyong paniniwala at pananampalataya ang iyong mga desisyon at kilos. Nakatagpo ka ba ng lakas o patnubay sa pamamagitan ng pananampalataya? Ipaliwanag.

**IKALAWANG ARAW**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Lata ng Pananampalataya**

Isa sa pinakamatinding bagyo na dinanas ng Pilipinas ay ang bagyong Yolanda noong 2013. Ayon sa International Disaster Chapter, umabot sa 6,300 ang naiulat na namatay sa Leyte, Samar at iba pang karatig na probinsiya. Marami din ang nawalan ng tirahan at kabuhayan. Bumuhos ang tulong sa iba't ibang panig ng Pilipinas at mundo. Ayon sa mga nakalap na kuwento ni Pieroni (2029b), may mga de latang *relief goods* na may nakasulat na mensahe.




Gamit ang sagutang papel, ipasagot ang mga katanungan:

1. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng mga nasalanta ng bagyo o ibang sakuna at makakatanggap ka ng *relief goods* na ganyang mensahe, ano kaya ang mararamdaman mo?
2. Ano sa palagay mo ang magiging epekto ng mga mensahe sa lata sa mga makakatanggap nito?
3. Ano ang masasabi mo sa paniniwala ng nagbigay ng mga mensahe sa lata? Sa iyong palagay, napapatatag kaya ang pananampalataya ng mga tumanggap ng *relief goods?*

Ipabasa ang tula at pagnilayan ang mensahe nito.

**Walang Pagkakamali**
Ni Lenora McWhorter

Nang mawala ang pag-asa ko
At ang aking mga pangarap ay namatay.
At wala akong mahanap na sagot
Sa pagtatanong kung bakit.
Patuloy lang ako sa pagtitiwala
At manatili sa aking pananampalataya.
Dahil ang Diyos ay makatarungan
Siya ay hindi nagkakamali kailanman.
At mga pagsubok na dapat kong harapin.
Kapag wala akong mahanap na solusyon
Nagpapahinga ako sa biyaya ng Diyos.
Kapag parang hindi patas ang buhay

Ang English version ng tula ay maaring mabasa sa link:

- https://www.learnreligions.com/poems-about-faith-700944

| | | |
|---|---|---|
| | At higit pa sa kaya kong kunin ang ibinibigay.<br>Tumitingala ako sa Ama<br>Siya ay hindi nagkakamali kailanman.<br>Nakikita ng Diyos ang ating mga paghihirap<br>At bawat liko sa kalsada.<br>Ngunit hindi nagkakamali kailanman<br>Dahil tinitimbang Niya ang bawat pasan.<br><br>Pamprosesong katanungan:<br>1. Ano ang pinagmumulan ng katatagan ng may akda sa pagharap ng kahirapan?<br>2. Ano ang mensahe sa yo ng mga linya tulad ng "Dahil ang Diyos ay makatarungan/ Siya ay hindi nagkakamali kailanman? Paano nakakatulong sa pananampalataya ang pag-alam sa katangian ng Diyos?<br>3. Ang tula ba ay nagpapahiwatig na ang masasamang bagay ay hindi kailanman nangyayari sa mga may pananampalataya? Bakit o bakit hindi?<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>a. Magpasulat ng maikling pagninilay tungkol sa paksa. Ibigay na gabay ang tanong: Paano magiging mapagkukunan ng lakas ang pananampalataya sa aking buhay?<br>b. Base sa isinulat na pagninilay, gumawa ng sariling kasabihan o life quote.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 2:** Paglalapat ng pananampalataya sa Diyos sa mga Mapanghamong Situwasyon<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Pananampalataya at Karunungan**<br>James 1:2-4<br>2 Mga kapatid, magalak kayo kapag kayo'y dumaranas ng iba't ibang uri ng pagsubok. 3 Dapat ninyong malaman na nagiging matatag ang inyong pananampalataya sa pamamagitan ng mga pagsubok. 4 At dapat kayong magpakatatag hanggang wakas upang kayo'y maging ganap at walang pagkukulang.<br><br>**Itanong:** Ano ang mensahe ng James 1:2-4? | **Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Maaring ipagawang takdang-aralin ng pangalawang gawain kung kulang ang oras. |

| | | |
|---|---|---|
| | Sinabi sa atin sa talata na hindi natin kailangang hintayin na matapos ang pagdurusa para magkaroon ng kagalakan. Ang kagalakan ay dumarating sa gitna nito, dahil ang ating pagdurusa ay may kabuluhan.<br><br>Ang kagalakan dito ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng kasiyahan at pag-asa sa katotohanan na may pagsubok na dumating sa buhay ng isang tao. Inutusan tayo na pumili ng desisyon na magalak sa kahirapan.<br><br>**Itanong**: Ano ang naidudulot ng mga pagsubok sa pananampalataya?<br><br>Ipaunawa na ang pananampalataya ay pagtitiwala at paniniwala na maaasahan, makatotohanan, at may kakayahan ang pinagkakatiwalaan. Kaya ang pagtitiwala sa Diyos ay nangangahulugan ng paniniwala sa Kanyang Salita, Kanyang kakayahan at Kanyang lakas. Sinasabi ng Bibliya na hindi maaaring magsinungaling ang Diyos. Na lagi Niyang tinutupad ang Kanyang mga pangako. Na mahal Niya ang kanyang mga anak at may nakalaan na kabutihan para sa kanila. Ang pagtitiwala sa Kanya ay nangangahulugan ng paniniwalang totoo ang sinasabi Niya tungkol sa Kanyang sarili, tungkol sa mundo at tungkol sa iyo.<br><br>Kapag nahaharap sa mga hamon ng buhay ang sariling pananampalataya sa Diyos ay nakatutulong sa pagkakaroon ng pag-asa, katatagan, at lakas ng loob (courage) sa pagharap sa mga ito.<br><br>**Mga Paraan ng Paglalapat ng Pananampalataya sa kabila ng mga Hamon sa Buhay**<br><br>**1. Manalangin**. Panatilihing bukas ang pakikipag-usap sa Diyos at ipagkaloob sa Kanya ang anumang mabigat na pinagdaraan. Humingi ng tulong sa Diyos. Ihinga sa Kanya ang mga bagay na bumabagabag sa iyong kalooban dahil nagtitiwala ka na naririnig Niya ang lahat ng iyong mga hinaing. Ipanalangin na patatagin ang iyong pananampalataya at liwananagan ng Diyos ang iyong isip upang makapag-isip ng mabuting solusyon sa mga suliraning kinakaharap.<br><br>**2. Basahin, isaulo, at pagnilayan ang Banal na Kasulatan ng relihiyong kinabibilangan.** Hanapin ang Katotohanan sa Banal na Kasulatan dahil ito ay naglalaman ng mga pangako ng Diyos. Palakasin ang pananampalataya sa | Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsuri ng halimbawang situwasyon upang mas madali nilang sagutin ang mga kasunod na situwasyon.<br><br>**Basahin, isaulo, at pagnilayan ang Banal na Kasulatan.** Kung may mga ibang pananampalataya sa klase, |

| | | |
|---|---|---|
| | pamamagitan ng pagtuon ng pansin sa katotohanan ng Salita ng Diyos sa halip na hayaan ang mga kalagayan at problema ng mundong ito na nakawin ang iyong pokus at kapayapaan. Ang Salita ng Diyos ay nagbibigay liwanag sa madilim na sanlibutang ito at tumutulong sa atin na makita ang mga bagay nang mas malinaw. "Ang iyong salita ay ilawan sa aking mga paa at liwanag sa aking landas" (Awit 119:105).<br><br>**3. Maging Mapagpasalamat.** Ang mahihirap na kalagayan ay parang nakakaubos minsan. Ngunit isipin ang mga mabubuting meron ka sa kasalukuyan at ang biyaya ng Diyos na nasa lahat ng bagay. Magpasalamat sa iyong paggising, sa isang magandang araw, sa iyong pamilya, sa tawag ng kaibigan.<br><br>**4. Pagsisimba.** Regular na pumunta sa simbahan para makinig sa mga aral ng Diyos, makipag-ugnayan sa iba't ibang miyembro ng simbahan, at magdasal. Ang pagsisimba ay isang paraan upang palalimin ang iyong pananampalataya.<br><br>**5. Pagtulong sa Kapwa.** Isabuhay ang pagmamahal sa kapwa sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila. Maaari pagbibigay ng oras, talento, o materyal na bagay. Ang pagtulong sa iba ay nagpapalakas ng ating pananampalataya.<br><br>**Itanong:** Bukod sa mga nabanggit, ano ang sarili mong paraan sa paglalapat ng iyong pananampalataya kapag dumaranas ng mga hamon sa buhay?<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Pagsusuri ng situwasyon.** Basahin ang situwasyon at unawain kung paano inilapat ang pananampalataya sa pagharap ng hamon sa buhay.<br><br>**Halimbawang situwasyon:**<br><br>**Ang Pagkabalisa bago ang importanteng laro**<br><br>**Mga tauhan:**<br>Jaya: Isang high school basketball player na may matibay na pananampalataya sa Diyos.<br>Sarah: Kakampi ni Maya, talentado pero madaling mabalisa at mag-alala. | maaring tanungin ang mga talata sa kanilang banal na aklat na maaaring makahikayat o makapagpatatag ng kanilang pananampalataya. |

| | | |
|---|---|---|
| | **Hamon:**<br>Malapit na ang championship game, at si Sarah, ang star player ng team, ay natupok ng pagkabalisa bago ang malaking laro. Siya ay nag-aalala tungkol sa gulo at pagpapabaya sa koponan.<br><br>**Paano nailapat ang pananampalataya sa pagharap sa hamon?**<br>**a. Kahalagahan ng Pananampalataya:** Napansin ni Jaya ang pagkabalisa ni Sarah at ipinaalala sa kanya ang kanilang gawain bago ang laro, na kinabibilangan ng maikling panalangin. Habang nagdarasal sila, ikinuwento ni Jaya kung paano siya tinutulungan ng kanyang pananampalataya na magpokus at manatiling kalmado sa panahon ng mabigat na situwasyon.<br>**b. Pag-asa, Katatagan, at Tapang:** Sa pamamagitan ng panalangin, binigyang-diin ni Jaya ang kanilang pananampalataya at ang presensya ng Diyos. Ipinaalala niya kay Sarah na kasama ng pananampalataya ang pag-asa para sa isang magandang laro, katatagan kahit na mahirap ang mga bagay, at ang lakas ng loob na ibigay ang kanilang pinakamahusay na pagsisikap.<br>c**. Pananampalataya sa Mapanghamong Panahon:** Sa pamamagitan ng pagtuon sa kanilang pananampalataya, tinutulungan ni Jaya si Sarah na mapanatili ang isang positibong pananaw sa kabila ng pressure ng laro. Pumasok sila sa korte na mas may kumpiyansa at handa silang harapin ang hamon nang magkasama.<br><br>**Suriin ang kasunod na situwasyon**<br><br>**Ang Krisis ng Pamilya**<br><br>Ang pamilya ni David ay nahihirapan sa pinansyal. Ang kanyang mga magulang ay nadidismaya at nag-aalala tungkol sa kanilang mga pangangailangan. Pakiramdam ni David ay wala nang magagawa sa kanilang sitwasyon.<br><br>Ipinagtapat ni David kay Reverend Johnson ang mga paghihirap ng kanyang pamilya. Binigyang-diin ni Reverend Johnson ang kahalagahan ng pananampalataya sa panahon ng hamon at ipinaalala kay David na nandiyan ang kanilang komunidad upang suportahan sila. Hinikayat ni Reverend Johnson si David na tumuon sa lakas at pagmamahal sa loob ng kanyang pamilya. Nagmumungkahi siya ng mga paraan na makakatulong ang komunidad, nag-aalok ng mga mapagkukunan at nagha-highlight ng mga organisasyon na maaaring | |

tumulong sa panahon ng kahirapan sa pananalapi. Nagbibigay ito kay David ng panibagong pag-asa at pakiramdam ng katatagan.
Binigyang-diin ni Reverend Johnson na ang Diyos ay nagbibigay ng lakas at patnubay kahit na sa mahihirap na sitwasyon. Hinihikayat niya si David na panatilihin ang isang positibong pananaw at magtiwala na ang mga bagay ay magiging maayos din. Sa panibagong pag-asa at pakiramdam ng suporta sa komunidad, si David at ang kanyang pamilya ay nakakuha ng lakas ng loob na harapin ang hamon nang magkasama.

**Pamprosesong katanungan:**
a. Paano naipakita ang kahalagahan ng pananampalataya?
b. Paano nahubog ang pag-asa, katatagan, at tapang ni David upang harapin ang hamon sa kanilang pamilya?
c. Paano nakatulong ang pananampalataya sa mapanghamong panahon?
d. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni David, habang pinapanatili ang positibong pananaw, anong mga praktikal na hakbang ang maaari mong gawin upang makapag-ambag sa kapakanan ng iyong pamilya?

**IKAAPAT NA ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**
Basahin at suriin ang mga situwasyon at tukuyin ang hamon o pagsubok. Ipagpalagay na ikaw ang nasa situwasyon, paano mo ilalapat ang iyong pananampalataya sa bawat situwasyon?

A. Pagdiriwang ng Linggo ng Wika sa inyong paaralan at kasama ka sa pangunahing presentasyon na gagawin. Kilala ang inyong klase na magaling sa pagtatanghal, ngunit kamakailan lamang, may mga kasama sa pagtatanghal na sobra ang pagkabalisa (anxiety) dahil sa dami ng mga requirements sa mga asignatura ninyo. Karamihan ay kulang na sa tulog, nakakaramdam ng patuloy na pag-aalala, at nagdududa sa kanilang kakayahang gumanap nang maayos. Alam mong hindi mabubuo ang presentasyon kung hindi kayo sasali. Ano ang gagawin mo?

Mga gabay na tanong:
1. Ano ang situwasyon at hamon? ________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Paano mo ipapakita ang iyong pananampalataya sa pagharap sa hamon?<br>____________________________________________________________<br>____________________________________________________________<br><br>B. Nasasaksihan mo ang tensyon at pagtatalo sa pagitan ng iyong mga magulang. May punto na napag-uusapan nila ang paghihiwalay. Nag-aalala ka tungkol dito. Pakiramdam mo ay wala kang magawa, natatakot ka, at hindi sigurado sa hinaharap. Naaapektuhan na ang iyong pag-aaral. Ano ang iyong gagawin?<br><br>Mga gabay na tanong:<br>1. Ano ang Situwasyon at hamon? __________________________________<br>____________________________________________________________<br>____________________________________________________________<br><br>2. Ano ang gagawin mo? Paano nakakatulong ang iyong sariling pananampalataya?<br>____________________________________________________________<br>____________________________________________________________<br><br>C. Gumawa ng *affirmative card* at sumulat dito ng mga positibong pangungusap ng pagpapatibay na may kaugnayan sa pananampalataya. Maaari ring hango sa Banal na kasulatan ng relihiyong kinabibilangan.<br>**Halimbawa:**<br>"Nagtitiwala ako sa isang mas mataas na kapangyarihan."<br>"Mayroon akong lakas na malampasan ang mga hamon sa buhay"<br>"Karapat-dapat akong mahalin at suportahan."<br>Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Cristo. Phil 4:13 | *Affirmative card:*<br>Maaring hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang mga gagawing card sa mga taong nangangailangan ng paghikayat o sa mga kaibigang dumaranas ng hamon sa buhay. |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Gamit ang 3-2-1, ipasulat ang sumusunod.<br><br>Ano ang tatlong (3) konseptong natutuhan mula sa aralin?<br>Ano ang dalawang (2) paraan paano ito isassabuhay?<br>Ano ang isang (1) katanungang nais mong hanapan ng kasagutan?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto** | |

| | | |
|---|---|---|
| | Sabihan ang mga mag-aaral na humanap ng kapareha. Pagkatapos pagnilayan ang mga tanong, ibabahagi ng mga mag-aaral sa kanilang kapareha ang kanilang sagot.<br><br>a. Gaano kalakas ang iyong pananampalataya? Sapat ba ito upang malagpasan ang mga hamon sa iyong buhay?<br>b. Base sa iyong karanasan, ang pagkakaroon ba ng pananampalataya sa Diyos ay nagpapadali sa pagharap sa mga hamon? Bakit o bakit hindi? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>Piliin ang sagot na pinakamainam na sumasalamin sa papel ng pananampalataya sa pagharap sa mga hamon ng buhay.<br><br>1.Kapag nahaharap sa isang hamon, ang isang taong may matibay na pananampalataya sa Diyos ay malamang na:<br>A. Sisihin ang kanilang sarili sa situwasyon.<br>B. Hihiling ng pag-asa at lakas ng loob.<br>C. Madaling sumuko at pakiramdam na wala siyang magagawa.<br>D. Magpapatulong sa ibang tao<br>2. Ang isang mag-aaral na nahihirapan sa mga gawain sa paaralan ay maaaring manalangin sa Diyos para:<br>A. mapadali ang lahat ng gawain.<br>B. sa mahiwagang paraan ng pagtapos sa mga gawain.<br>C. sa patnubay, pokus, at kakayahang maunawaan ang materyal.<br>D. wakasan ang mga paghihirap.<br>3. Ano ang ibig sabihin ng pananalig sa Diyos sa panahon ng mahihirap na panahon?<br>A. Asahan na lulutasin ng Diyos ang lahat ng iyong mga problema.<br>B. Magtiwala sa lakas at patnubay ng Diyos kahit sa kahirapan.<br>C. Magdasal at hintayin ang gagawin ng Diyos.<br>D. Magnilay at magpasalamat sa Diyos.<br>4. Ano ang isang halimbawa ng pagsasabuhay ng pananampalataya sa Diyos sa panahong nakakaranas ng kahirapan? | 1. B<br>2. C<br>3. B<br>4. D<br>5. C |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">A. Patuloy na magrereklamo tungkol sa sitwasyon.<br>B. Pagbabahagi ng suliranin sa mga kakilala.<br>C. Pagbabalewala sa problema dahil lilipas din ito.<br>D. Pagpapanatili ng positibong pananaw sa kabila ng hamon.<br>5. Ang isang komunidad na nakikibaka sa isang natural na sakuna ay maaaring makatagpo ng kaginhawahan sa:<br>A. Pagtuon sa mga negatibong aspeto.<br>B. Pagsisi sa isa't isa sa sitwasyon.<br>C. Pagsasama-sama sa panalangin at pag-aalay ng suporta sa isa't isa.<br>D. Pagbibigay ng kalinawan, karunungan, at panloob na lakas.<br>Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br><br>Panoorin ang video na may pamagat na Pag-asa sa Gitna ng Pagsubok. Pagkatapos panoorin, gumawa ng sulat para sa isang kakilala na sa palagay mo ay nangangailangan ng panghihikayat dahil sa pagsubok na pinagdaanan o pinagdaraanan.</td>
<td>Mapapanood ang video gamit ang link sa ibaba.<br>• Christ's Commission Fellowship. (2021, June 8). Pagasa sa Gitna ng Pagsubok | Sunday Fast Track [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=P-XC9BGC-F4<br>Sa mga walang internet, maaring maghanap ng tula na may parehong paksa.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="3">A. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="3">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **B. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang pagpapatibay sa pananampalataya sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Paano ginampanan ng mga mag-aaral ang kanilang pangkatang gawain?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral na maging matatag sa kabila ng mga pagsubok sa buhay?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod upang mas maging matatag ang pananampalataya ng mga mag-aaral kahit na maraming pagsubok sa kanilang buhay?* | | | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |